**GAWAD SWF 2024**
**Natatanging Kawani na Tagapagtangkilik ng Wikang Filipino**

## Introduksiyon

Ang **GAWAD SWF *Natatanging Kawani na Tagapagtangkilik ng Wikang Filipino*** ng Sentro ng Wikang Filipino – Unibersidad ng Pilipinas Diliman (SWF-UPD) ay iginagawad sa administratibong kawani ng Unibersidad na nagpapamalas ng suporta sa wikang Filipino sa opisyal na komunikasyon at serbisyo publiko.

Pangunahing layunin nito na kilalanin ang mga pagsisikap ng kawani sa pagsusulong ng wikang Filipino sa pamamagitan ng:

A. Pagtataguyod o pagsuporta sa mga programa/proyekto sa Filipino;
B. Pakikilahok sa mga samahan o organisasyon sa Filipino;
C. Paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na komunikasyon at pagseserbisyo; at
D. Iba pang gawain sa Filipino

## 1. Kalipikasyon

Maaaring maging nominado ang sinumang:

1.1. Kasalukuyan na kawaning administratibo ng UP Diliman (Permanente at Kontraktuwal) na may minimum na tatlong taon sa serbisyo.

1.2. May Individual Performance Commitment Review (IPCR) rating na Outstanding o Very Satisfactory sa nakaraang dalawang rating period. (Enero-Hunyo 2023 at Hulyo-Disyembre 2023)

## 2. Panuntunan sa Pagpapasa ng Nominasyon

2.1. Maaaring magnomina ang mga opisina at sinumang kawani, REPS, guro, at mag-aaral ng UP Diliman.

2.2. Isumite sa Nominasyon ng Gawad SWF Natatanging Kawani na Tagapagtangkilik ng Wikang Filipino ang sumusunod na kahingian:

- 2.1.1. Sinagutang Pormularyo ng Nominasyon na may lagda ng pagsang-ayon mula sa nominado.
- 2.1.2. Mga lakip na dokumentasyon bilang patunay sa mga naitala sa pormularyo katulad ng mga larawan, sertipiko o sertipikasyon, aprobadong proposal, at iba pa na nakatipon sa iisang PDF File.
- 2.1.3. Curriculum Vitae ng Nominado

2.3. Ang hindi pagsunod sa mga panuntunan sa pagpapasa ng nominasyon ay awtomatikong mapapawalang bisa o diskwalipikasyon.

2.4. Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay sa **30 Hulyo 2024, Martes, 5:00 nh.**

## 3. Pamantayan sa Pagpili

3.1. Sakop ng pagtatasa: Enero 2021 hanggang Disyembre 2023.

3.2. Ang mga entry ng nominasyon ay tatasahin sa sumusunod na pamantayan:

| Pamantayan | Mga Palatandaan at Marka |
|---|---|
| A. Pakikilahok sa mga programa at proyekto ng SWF-UPD | A.1. Aktibong pagsubaybay at pakikilahok sa mga programa at gawain ng SWF-UPD, gaya ng mga webinar, workshop, at forum.<br>A.2. Aktibong miyembro ng Komite sa Wika (o anumang katumbas nitong komite na nagsusulong ng wikang Filipino) ng kolehiyo/opisina |

| | |
|---|---|
| B. Pagtataguyod ng mga programa/proyekto sa Filipino | B.1. Katuwang sa pagtataguyod ng mga programa/proyekto (seminar, kumperensiya, pagsasanay, ekstensiyon, at iba pa) sa Filipino. Maaaring bilang proponent ng proyekto, tagapamahala ng proyekto, moderator, miyembro ng komite, o iba pang tungkulin.<br>B.2. Paggamit ng wikang Filipino sa mga dokumento at komunikasyon para sa itinaguyod na programa/proyekto. Maaaring sa pamamagitan ng paggamit ng Filipino sa pagpapadaloy ng programa, mga pagtatanghal, panawagan, liham paanyaya, pubmat, katitikan, ulat, at/o iba pa. |
| C. Paggamit ng wikang Filipino sa mga Korespondensiya Opisyal at Malikhaing Produksiyon | C.1 Pagsulat ng liham, email, katitikan ng pulong, memo, sertipiko ng paglilingkod (COS,) at iba pa sa wikang Filipino<br>C.2 Pagsulat, paglalathala, at/o pagtatanghal ng artikulo o malikhaing akda sa wikang Filipino. |
| D. Pakikilahok sa mga programa/proyekto sa Filipino sa loob at labas ng UPD (bukod sa mga gawain ng SWF-UPD) | Aktibong pakikilahok sa mga programa/proyekto sa Filipino gaya ng seminar, kumperensiya, pagsasanay, ekstensiyon, at iba pa (F2F/online/hybrid) |
| E. Pakikilahok sa mga samahan o organisasyong nagsusulong sa Filipino (sa loob at labas ng UPD) | Aktibong opisyal o miyembro ng samahan o organisasyon na nagsusulong sa wikang Filipino. |

3.3. Kung sakaling may iba pang kahingian at kinakailangan ang lupon ng hurado, maaari itong magpatawag ng panayam at/o humingi ng karagdagang mga dokumentasyon.

3.4. Mula sa pagsusuri ng mga nominasyon, hihirangin ang mga finalist at makatatanggap ang mga ito ng liham pabatid at liham paanyaya sa *Paglulunsad at Paggawad 2024*.

3.5. Inaasahan ang pagdalo ng mga finalist sa araw ng *Paglulunsad at Paggawad 2024*, panapos-programa ng Buwan ng Wika ng SWF-UPD sa 30 Agosto 2024, para sa pormal na pagkilala sa mga gagawaran.

3.6. Ang desisyon ng lupon ng hurado sa pagpili ng gagawaran ay pinal at hindi maipaghahabol.

**4. Lupon ng mga Hurado**

Hihirangin ng SWF-UPD ang mga miyembro ng Lupon ng Hurado, na susuri sa mga nominasyon at pipili sa *Natatanging Kawani na Tagapagtangkilik ng Wikang Filipino*. Binubuo ito ng limang (5) miyembro o kinatawan na magmumula sa SWF-UPD at iba pang yunit/opisina sa UP Diliman.

**5. Premyo**

Makatatanggap ang hihirangin na GAWAD SWF *Natatanging Kawani na Tagapagtangkilik ng Wikang Filipino* ng:

a. Sertipiko ng Pagkilala
b. Plake ng Gawad SWF
c. Insentibong nagkakahalagang Php 10,000

Para sa iba pang detalye o katanungan, maaaring mag-iwan ng mensahe kay Mx. Nalla E. Avena <aeavena@up.edu.ph> o tumawag sa telepono: VOIP Local 4583.